

TAMPOK NA TEKSTO (1) Pagsasaling-wika

Lubhang mahalaga sa gawaing pagbasa at pagsulat ang kaalaman sa pagsasalin. Nakadaragdag ito ng kabatiran sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa Filipino lalo na sa larangang agham at teknolohiya.

Ayon kay **Dr. Ernesto Aban**, ang kaalaman ng mga Pilipino ay halos kasintanda ng pandarayuhan ng mga Kastila lalo na sa mga misyonero. Sa marubdob na hangaring maituro at mapalaganap ang Kristiyanismo.

Ayon kay **Alfonso Santiago**, sa aklat niyang Sining ng Pagsasaling-wika, ang paglilipat sa pinagsasalinang wika ng pinakamalapit na katumbas ng diwa o mensaheng isinasaad sa wikang isinasalin ay tinatawag na pagsasalin.

Mga Patnubay sa Pagsasalin

Lubhang maselan ang gawaing pagsasalin. Kinakailangan ang karapatan at orihinalidad upang matamo ang mga katagang hinihingi ng maagham at malikhaing pamamaraan sa pagsasalin.

Alamin ang tekstong isasalin, layunin, at para kanino ang isinasalin.

Sino ang tagasalin? Kailangan ang sapat na kaalaman sa paggamit ng dalawang wika gagamitin o kasangkot sa pagsasalin. Panatilihin ang anyong orihinal ng salin ayon sa umakda at panahong kinasasangkutan ng tekstong isasalin.

Iwasan ang pagbabawas, pagaragdag, o pagbabago upang mapanatili ang orihinal na salin.

Ipabasa ang salin sa ilang tao na pinag-uukulan at isaalang-alang ang puna o reaksiyon.

Ang mga ekspresyong idyomatiko ay hindi kailangang isalin nang literal; sa halip, ihanap ito ng katapat na idyoma sa Filipino.

Halimbawa:
Filipino - matigas ang ulo
Ingles - stubborn
Literal - hard-headed

Halimbawa:

Filipino - matigas ang ulo

Ingles - stubborn

Literal - hard-headed

Filipino - nakapustura

Ingles - dressed to kill

Literal - nakadarnit upang pumatay

Dapat may sapat na kaalaman sa gramatika ng dalawang kasangkot na wikang gagamitin sa pagsasalin.

Kailangan ang sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin.

Ang Papel ng Pagsasalin sa Intelektwalisasyon ng Wikang Filipino

TAMPO

Ayon kay **Propesor Ramilito B. Correa** ng De La Salle University, ang tatahaking daan ng wikang Filipino tungo sa hinahangad ng **intelektwalisasyon ay masukal, masalimuot, at punong-puno ng panganib at pangamba.** Kinakailangan ng maingat na paghahawan sa landasing ito upang hindi mabigo, at sa dakong huli'y maging matagumpay.

Ayon kay **Propesor Ramilito B. Correa** ng De La Salle University, ang tatahaking daan ng wikang Filipino tungo sa hinahangad ng **intelektwalisasyon ay masukal, masalimuot, at punong-puno ng panganib at pangamba.** Kinakailangan ng maingat na paghahawan sa landasing ito upang hindi mabigo, at sa dakong huli'y maging matagumpay.

"Ang pagsasalin ay mabisang sandata at kalasag bilang tagapaghawan ng tinatahak na intelektwalisasyon ng Filipino."

Sadyang napakahalaga ang ginagampanang papel ng pagsasalin sa Filipino ng mga tekstong nakalimbag sa Ingles upang maabot ng wikang Filipino ang intelektwalisasyon.

Nakatala ito sa 1987 Saligang-Batas ng Pilipinas, Artikulo 14, Seksyon 6:

Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinaang, ito ay dapat payabunhin at pagyamanin sa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusing itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

Nakatala ito sa 1987 Saligang-Batas ng Pilipinas, Artikulo 14, Seksyon 6:

Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinaang, ito ay dapat payabunhin at pagyamanin sa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat

ARTIKULO 14, SEKSYON 6:


Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinaang, ito ay dapat payabunhin at pagyamanin sa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusing itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang-edukasyon.

salin
ng

TAMPOK NA TEKSTO(2) Kahulugan ng Pagasaling-wika

Teo



Ayon kay Newmark (1988), "ang pagsasaling-wika ay pagbibigay kahulugan ng isang text sa ibang wika sa paraang ninanais ng may-akda."

Madalas na inaakala natin na ang pagsasaling-wika ay isang payak na pagsasabi ng isang bagay sa ibang wika; **ang totoo, ang pagsasaling-wika ay isang masalimuot at mahirap na gawain.** **Masalimuot** ang gawaing ito sapagkat napakaraming bagay o factors ang hadlang sa pagsasalin tulad ng kultura, kaugalian, kaayusang panlipunan, at marami pang iba. **Mahirap** ang pagsasalin sapagkat nakatali ito sa orihinal.

Madalas na inaakala natin na ang pagsasaling-wika ay isang payak na pagsasabi ng isang bagay sa ibang wika; **ang totoo, ang pagsasaling-wika ay isang masalimuot at mahirap na gawain.** **Masalimuot** ang gawaing ito sapagkat napakaraming bagay o factors ang hadlang sa pagsasalin tulad ng kultura, kaugalian, kaayusang panlipunan, at marami pang iba. **Mahirap** ang pagsasalin sapagkat nakatali ito sa orihinal.

"Dito, ang nagsasalin ay hindi malayang magpasok ng kanyang sariling kaisipan."

Teorya ng Pagsasalin

Ang Teorya ng pagsasalin ay nauukol sa mga paraan ng pagsasalin na nararapat sa isang teksto, at nakasalalay sa mga teoryang pangwika. **Ang Teorya ng pagsasalin ay may kinalaman sa pinakamaliit na bantas o tanda (tuldok, kwit, aytaliks, atbp.),** gayundin sa panlahat na kahulugan na parehong mahalaga sa isang teksto. Tunghayan ang halimbawa na magpapakita ng kahalagahan ng bantas.

[Halimbawa]

Halimbawa:

Hindi, puti. (No, it's white.)
Hindi puti.(It's not white.)

Bagaman magkatumbas o pareho ang dalawang leksikal na salita (**hindi at puti**) na nakapaloob sa dalawang pangungusap, ay **nagkaiba naman ng kahulugan ang dalawang pangungusap dahil sa kwit na nakalagay pagkatapos ng hindi.** Ang pagwawalang-bahala sa isang bantas, intensyonal man o di intensyonal ay maaaring magdulot ng malaking pagkakamali sa pagsasalin.

Ang layon ng pagsasalin ay suriin ang lahat ng paraang posibleng pagpilian at pagkatapos ay gumawa ng pagpapasya. Ang unang tungkulin ng nagsasalin ay alamin at tukuyin ang kahulugan ng isang suliranin sa pagsasalin; pangalawa ay ilahad ang lahat ng factors na dapat isaalang-alang sa paglutas sa suliranin; pangatlo ay itala ang lahat ng posibleng pamamaraan; at huli ay pagpasyahan ang pinakanararapat na paraan.

Ang layon ng pagsasalin ay suriin ang lahat ng paraang posibleng pagpilian at pagkatapos ay gumawa ng pagpapasya. Ang unang tungkulin ng nagsasalin ay alamin at tukuyin ang kahulugan ng isang suliranin sa pagsasalin; pangalawa ay ilahad ang lahat ng factors na dapat isaalang-alang sa paglutas sa suliranin; pangatlo ay itala ang lahat ng posibleng pamamaraan; at huli ay pagpasyahan ang pinakanararapat na paraan.

Kaugnay nito, si Newmark (1988) ay naglahad ng mga element ng pagsasalin:

1.

Ang pagbibigay-diin sa mga mambabasa at kaayusan (**setting**). Dapat maging natural ang dating ng salin upang madaling maunawaan at makapagiiwan ng kakintalan sa mambabasa. Halimbawa dito ang pagsasalin ng Noli Me Tangere. Kapansin-pansin na ang mga salitang ginamit ni pobleto na nalathala noong 1907 ay malayo na o malaki ang pagkakaiba sa salin nina Sayo at Marquez sapagkat malaki ang pagkakaiba ng mambabasa ni Pobleto at mambabasa nina Sayo at Marquez. Iba na rin ang kaayusang panlipunan na umiiral noon kaysa sa umiiral ngayon.

2.

Pagpapalawak ng paksa nang higit pa sa panrelihiyon, pampanitikan, pang- agham at teknikal, o anumang paksa ng panitikan.

3.

Pagdaragdag sa mga teksto na sinasalin mula sa libro (kasama ang mga dula at tula) hanggang sa mga artikulo, kasulatan, kontrata, tratado, batas, panuto, patalastas, liham, ulat, mga form sa kalakalan, atbp.

4.

4.
Istandardisasyon ng mga katawagan.

5.


5.
Pagbuo ng mga pangkat ng tagasalin at tagarebisa. Ang pagsasalin ay dapat gawin ng grupo, hindi lamang ng isang tao, upang makuha ang pananaw ng nakararami at hangga't maaari ay magtalaga ng ibang tao na magrerebisa sa mga sinalin.

6.

6.
Magiging malinaw lamang ang dating (impact) ng linggwistika, sosyolinggwistika, at teorya ng pagsasalin kung ang mga tagapagsalin ay sasanayin sa mga politeknik at unibersidad.

7.

Ang pagsasalin ngayon ay ginagamit upang makapagpalaganap ng kaalaman para lumikha ng unawaan sa pagitan ng mga grupo o mga bansa, gayundin ang paglaganap ng kultura.



Sa kabuuuan, sinasabi ni Newmark na ang pagsasalin ay isang bagong disiplina, isang bagong propesyon, isang lumang pakikihamok na nakatalaga sa iba't ibang layunin.

Ang Layunin ng Teksto

Sa pagbasa, hindi natin maihihiwalay ang pag-unawa sa paghahanap ng layunin ng nilalaman. Ang pamagat ay maaaring malayo kaysa nilalaman o layunin nito. Maaaring ang layunin ng nagsulat na ipaliwanag kung paano ginagamit ang isang makina ay maisalin sa paraang nagpapaliwanag sa kagandahan ng makina. Dapat matukoy ng nagsasalin kung ano ang layunin ng teksto.

Ang Layunin ng Tagasalin

Kadalasan, ang layunin ng tagasalin ay katulad din ng layunin ng may-akda ng isinasalin.

Maaaring ang layunin ng may-akda ng orihinal ay magbigay ng isang patalastas o instruksyon upang ipakita sa kliyente kung paano ginagawa ang isang bagay.

Sa pagsasalin, maaaring lumabas ang saling teksto na nagtuturo sa kliyente kung paano ang aplikasyon nito.

May mga pagkakataon din na isang manwal halimbawa ang sinasalin at ang layunin ng nagsasalin ay makapagturo sa mga taong hindi gaanong nakapag-aral.

Samakatuwid sa ganitong pagkakataon kinakailangang ang salin ay mas malawak ngunit payak kaysa orihinal.

Mga Istilo ng Teksto

1.

1.

Pasalaysay - paglalahad ng mga kawing (series) ng pangyayari kung saan ang binibigyan diin ay ang mga pandiwa.

2.

Panlarawan - hindi naglalahad ng mga kilos at nagbibigay diin sa mga pang-uri at panuring.

3.

Patalakay - isang pangangatwiran o pag-uugnay, nagbibigay diin sa mga abstrak na pangngalan.

4.

Patalakay - isang

Padayalogo - nagbibigay diin sa kolokyalismo at pakikipag-ugnayan

Ang Mambabasa

Dapat sikapin ng nagsasalin na alamin ang katangian ng mambabasa ng orihinal na teksto at katangian ng mambabasa ng salin at saka pagpasyahan kung gaanong pansin ang dapat iukol sa pakay na mambabasa.

Dapat alamin ang antas ng edukasyon, katayuang panlipunan, kasarian, at edad ng pakay na mambabasa.

Setting

Ang setting ay isa pang bagay na dapat pag-ukulan ng pansin. Kailan ba nalimbag ang orihinal? Sino ang humihingi ng pagsasalin at ano ang kanilang kahingian o requirements?

Ang orihinal ay maaaring nasulat maraming taon na ang nakalilipas na iba ang mga pagpapahalagang sosyal at moral. Ang pakay ng pagsasalin ay makabagong panahon na may ibang pagpapahalagang sosyal at moral.